

PATAKARAN SA PAGHINTO NG SERBISYO SA TUBIG NA PANRESIDENSIAL

Pinagtibay ng Resolusyon 3783 ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng San Jacinto noong Disyembre 3, 2019, at Magkakabisa sa Pebrero 1, 2020.

1. **Pagpapairal ng Patakaran.** Itong Patakaran sa Paghinto ng Serbisyo sa Tubig na Panresidensyal (itong "Patakaran") ay pinagtitibay alinsunod sa Seksyon 13.08.090 ng Kodigo ng Munisipyo ng San Jacinto. Iiral ang Patakaran na ito sa lahat ng account ng Lungsod para sa serbisyo sa tubig na panresidensyal, ngunit hindi iiral sa alinmang account para sa serbisyo na hindi panresidensyal. Sa hangganan na ang Patakarang ito ay salungat sa Kabanata 13.04 o 13.08 ng Kodigo ng Munisipyo, o anumang iba pang tuntunin, regulasyon, o patakaran ng Lungsod, o ang Patakaran na ito ang kokontrol.

2. **Impormasyon ng Contact.** Para sa mga tanong o tulong tungkol sa inyong singil sa tubig, maaaring matawagan ang kawani ng Customer Service ng Lungsod sa (951) 537-6386. Maaari ding bumisita ang mga customer sa Customer Service desk ng Lungsod nang personal Lunes hanggang Huwebes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., maliban sa mga pista-opisyal ng Lungsod.

3. **Mga Pamamaraan sa Pagsingil.** Mababayaran sa Lungsod ang mga singil sa serbisyo sa tubig nang minsan bawat buwan o sa naturang dalas na ipinapasya ng Konseho ng Lungsod nang pana-panahon. Lahat ng singil para sa serbisyo sa tubig ay dapat bayaran at maaaring bayaran pitong (7) araw matapos maipadala sa koreo o mai-email ng Lungsod. Anumang hindi bayad na bayarin sa loob ng naturang panahon ay itinuturing na delingkuwente.

4. **Paghinto ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad.** Kung ang isang bayarin ay delingkuwente nang hindi bababa sa animnapung (60) araw, maaaring ihinto ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa address ng serbisyo.

4.1 Nakasulat na Abiso sa Customer. Magbibigay ang Lungsod ng abiso na ipinadala sa koreo sa customer na nakatala nang hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago ang paghinto ng serbisyo sa tubig. Maglalaman ang abiso ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) halaga ng hindi nabayaran;
- (c) petsa na dapat gawin ang pagbabayad o mga kasunduan ng pagbabayad upang maiwasan ang paghinto ng serbisyo;
- (d) pamamaraan na maaaring gawin ng customer upang magreklamo o humiling ng isang imbestigasyon o mag-apela tungkol sa serbisyo o mga pagsingil;
- (e) paglalarawan ng pamamaraan na maaaring humiling ang customer ng alternatibong kasunduan ng pagbabayad, na maaaring kabilang ang pagpapalawig, paghuhulog, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad;
- (f) ang pamamaraan upang makakuha ang customer ng impormasyon tungkol sa pinansyal na tulong, kung naaangkop; at

- (g) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng kasunduan ng pagbabayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.2 Nakasulat na Abiso sa mga Nakatira o Nangungupahan.

(a) Kung nagkakaloob ang Lungsod ng indibidwal na nakametrong serbisyo sa bahay ng isang pamilya, istrukturang panresidensyal na maramihang yunit, parke ng mobile home, o kampo ng paggawa sa bukid at ang may-ari, tagapamahala, o operator ng tahanan, istruktura, o parke ay ang customer na nakatala, o kung ang address sa koreo ng customer na nakatala ay hindi katulad ng address ng serbisyo, magpapadala rin ang Lungsod ng abiso sa mga nakatira sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang paghinto ng serbisyo sa tubig. Naka-address ang abiso sa "Occupant," maglalaman ng impormasyon na hinihingi sa Seksyon 4.1 sa itaas, at magpapabatid sa mga nakatira na may karapatan silang maging mga customer ng Lungsod nang hindi kinakailangang magbayad ng halaga na dapat bayaran sa delingkuwenteng account. Nasa Seksyon 8 sa ibaba ang mga tuntunin at kondisyon para sa mga nakatira upang maging mga customer ng Lungsod.

(b) Kung nagkakaloob ang Lungsod ng tubig sa pamamagitan ng isang master meter sa isang istrukturang panresidensyal na maramihang yunit, parke na mobile home, o mga permanenteng istrukturang panresidensyal sa isang kampo ng paggawa at ang may-ari, tagapamahala, o operator ng tirahan, istruktura, o parke ay ang customer na nakatala, gagawa ang lungsod ng nagtitiwalang pagsisikap na ipabatid sa mga nakatira, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na ipinaskil sa pinto ng bawat yunit na residensyal nang hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago ang pagtatapos, na ang account ay hindi nakakabayad at tatapusin ang serbisyo sa petsang tinukoy sa abiso. Kung hindi makatwiran o praktikal na magpaskil ng abiso sa pinto ng bawat yunit, magpapaskil ang Lungsod ng dalawang (2) kopya ng abiso sa bawat naakses na karaniwang lugar at sa bawat punto ng pag-akses sa istruktura o mga istruktura. Ipabatid ng abiso sa mga nakatira na may karapatan silang maging mga customer ng Lungsod nang hindi kinakailangang magbayad ng halaga na dapat bayaran sa delingkuwenteng account. Tutukuyin din ng abiso kung ano ang kailangang gawin ng mga nakatira upang maiwasan ang pagtatapos ng, o upang muling maitatag ang serbisyo; ang tinatayang buwanang halaga ng serbisyo; ang titulo, address, at numero ng telepono ng isang kinatawan ng Lungsod na makatutulong sa mga nakatira sa pagpapatuloy ng serbisyo; ang address o numero ng telepono ng kuwalipikadong proyekto ng mga legal na serbisyo na inirekomenda ng lokal na asosasyon ng mga abogado ng county. Nasa Seksyon 8 sa ibaba ang mga tuntunin at kondisyon para sa mga nakatira upang maging mga customer ng Lungsod.

4.3 Personal na Abiso o sa Telepono. Gagawa rin ang Lungsod ng makatwiran at nagtitiwalang pagsisikap na makipag-ugnayan sa customer na nakatala o taong nasa hustong gulang na nakatira sa address ng serbisyo nang personal o sa pamamagitan ng telepono nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang paghinto ng serbisyo.

4.4 Pagpapaskil ng Abiso sa Address ng Serbisyo. Kung hindi nagawang makipag-ugnayan ng Lungsod sa customer o sa isang taong nasa hustong gulang na nakatira sa address ng serbisyo nang personal o sa telepono, gagawa ang Lungsod ng nagtitiwalang pagsisikap na mag-iwan ng abiso ng napipintong paghinto ng serbisyong panresidensyal at ng isang kopya ng Patakarang ito sa isang kitang-kitang lugar sa address ng serbisyo. Iiwanan ang abiso at kopya ng Patakarang ito sa tirahan nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang paghinto ng serbisyo. Ang abiso ay maglalaman ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) halaga ng hindi nabayaran;
- (c) petsa na dapat gawin ang pagbabayad o mga kasunduan ng pagbabayad upang maiwasan ang paghinto ng serbisyo;
- (d) ang pamamaraan upang makakuha ang customer ng impormasyon tungkol sa pinansyal na tulong, kung naaangkop; at
- (e) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng kasunduan ng pagbabayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.5 Mga Pangyayari Kung Kailan Hindi Ihihinto ang Serbisyo. Hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyo sa tubig na panresidensyal dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:

- (a) Sa panahon ng isang imbestigasyon ng Lungsod sa isang pagtatalo o reklamo ng customer sa ilalim ng Seksyon 5.1 sa ibaba;
- (b) Sa panahon ng nakabinbin na isang apela sa Konseho ng Lungsod sa ilalim ng Seksyon 5.3 sa ibaba; o
- (c) Sa haba ng panahon na kung saan ang pagbabayad ng customer ay sumasailalim sa naaprubahan ng Lungsod na pagpapalawig, paghulog, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6 sa ibaba, at nananatili ang customer na sumusunod sa aprubadong kasunduan ng pagbabayad.

4.6 Mga Pangyayari Kung Kailan Hindi Ihihinto ang Serbisyo sa Pamamagitan ng isang Master Meter. Kung nagkakaloob ang Lungsod ng tubig sa pamamagitan ng isang master meter sa isang istrukturang panresidensyal na maraming yunit, parke ng mobile home, o permanenteng istruktura na panresidensyal sa isang kampo ng paggawa at ang may-ari, tagapamahala, o operator ng tirahan, istruktura, o parke ay ang customer na nakatala, ang Lungsod ay hindi ihihinto ang serbisyo sa tubig na panresidensyal para sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:

(a) Kung ang pagkakautang ng customer ay inutang sa isa pang pampublikong ahensya, o kapag ang pananagutan na kinakatawan ng delingkuwenteng account o ang pagkakautang ay natamo sa alinmang pampublikong ahensya bukod sa serbisyo sa tubig ng Lungsod;

(b) Kung ang isang delingkuwenteng account ay nauugnay sa isa pang ari-arian na pag-aari, pinangangasiwaan, o pinatatakbo ng customer;

(c) Kung pinatunayan ng isang opisyal ng pampublikong kalusugan o gusali na ang paghinto ay magresulta sa isang makabuluhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga nakatira o sa publiko.

4.7 Espesyal na Medikal at Pinansyal na mga Pangyayari Kung Kailan Hindi Ihihinto ang mga Serbisyo.

(a) Hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyo sa tubig kung ang lahat ng sumusunod na kondisyon ay matugunan:

(i) Ang customer, o ang nangungupahan ng customer, ay nagsumite sa Lungsod ng sertipikasyon ng isang lisensyadong provider ng pangunahing pangangalaga na ang paghinto ng serbisyo sa tubig ay magiging banta sa buhay, o magdudulot ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng lugar kung saan ang serbisyong panresidensyal ay ipinagkakaloob;

(ii) Nagpapakita ang customer na siya ay walang kakayahang pinansyal na magbayad para sa serbisyong panresidensyal sa loob ng karaniwang pag-ulit ng pagsingil ng Lungsod. Itinuturing ang customer na walang kakayang pinansyal na magbayad sa panahon ng karaniwang pag-ulit ng pagsingil kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programang Karagdagang Kita na Panseguridad/Karagdagang Pagbabayad ng Estado, o Espesyal na Programang Karagdagang Nutrisyon ng California para sa mga Kababaihan, Sanggol, at Bata, o (b) nagdeklara ang customer sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng kahirapan ng pederal; at

(iii) Handa ang customer na pumasok sa isang alternatibong kasunduan sa pagbabayad, kabilang ang pagpapalawig, paghuhulog, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, na may kaugnayan sa mga delingkuwenteng singil.

- (b) Para sa sinumang customer na nakatutugon sa lahat ng kondisyong nasa itaas, mag-aalok ang Lungsod sa customer ng isa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng Lungsod sa mabuting pagpapasya nito: (1) isang pagpapalawig ng panahon ng pagbabayad; (2) paghuhulog ng hindi bayad na balanse; o (3) isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Pipili ang Direktor sa Pananalapi ng Lungsod ng pinakaangkop na kasunduan sa pagbabayad, isinasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyon na ibinigay ng customer, pati na rin ang mga pangangailangan sa pagbabayad ng Lungsod. Ang anumang kasunduan sa pagbabayad na pinasok alinsunod sa Seksyong ito ay sasailalim sa mga tuntunin, kondisyon, at remedyo, sa Seksyon 6.
- (c) Responsable ang customer sa pagpapakita na ang mga kondisyon sa subsection (a) ay natugunan. Sa sandaling matanggap ang dokumentasyon mula sa customer, susuriin ng Lungsod ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (1) aabisuhan ang customer ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad na pinili ng Lungsod at hihilingin ang nilagdaang pahintulot ng customer na lumahok sa naturang alternatibong kasunduan; (2) hihilingin mula sa customer ang karagdagang impormasyon; o (3) aabisuhan ang customer na hindi niya natutugunan ang mga kondisyon sa subsection (a).

4.8 Panahon ng Paghinto ng Serbisyo. Hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa araw ng Sabado, Linggo, legal na pista-opisyal, o sa anumang oras na kung kailan sarado sa publiko ang opisina ng Lungsod.

4.9 Pagbabalik ng Serbisyo. Ang mga customer na inihinto ang serbisyo sa tubig ay maaaring makipag-ugnayan sa Lungsod sa pamamagitan ng telepono o nang personal tungkol sa pagbabalik ng serbisyo. Sasailalim ang pagbabalik ng serbisyo sa pagbabayad ng: (a) anumang halaga na lampas na sa taning, kabilang ang naaangkop na interes o mga multa; (b) anumang bayad sa muling pagkokonekta, sumasailalim sa mga limitasyon sa Seksyon 7.1, kung naaangkop; (c) at isang deposito sa seguridad , kung iniaatas ng Lungsod.

5. Mga Pamamaraan upang Labanan o lapela ang isang Bayarin.

5.1 Panahon upang Simulan ang Reklamo o Humiling ng isang Imbestigasyon. Maaaring simulan ng isang customer ang isang reklamo o humiling ng isang imbestigasyon tungkol sa halaga ng bayarin sa loob ng limang (5) araw ng pagtanggap ng pinagtatalunan na bayarin. Para sa mga layunin nitong Seksyon 5.1 lamang, ituturing ang isang bayarin na natanggap ng isang customer limang (5) araw matapos maipadala sa koreo at kaagad matapos maipadala sa e-mail.

5.2 Pagsusuri ng Lungsod. Susuriin ng Tagapamahala ng Lungsod ang isang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon, na magbibigay ng nakasulat

na pagpapasya sa customer. Kasama sa pagsusuri ang pagsasaalang-alang ng kung maaaring makatanggap ang customer ng pagpapalawig, paghuhulog, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6.

5.3 Apela sa Konseho ng Lungsod. Sinumang customer na ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa isang imbestigasyon alinsunod dito sa Seksyon 5 ay nagresulta sa isang masamang pagpapasya ay maaaring iapela ang pagpapasya sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng pagsasampa ng nakasulat na abiso ng apela sa Clerk ng Lungsod sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo ng pagpapadala sa koreo ng Lungsod ng pagpapasya nito. Sa sandaling matanggap ang abiso ng apela, itatakda ang Clerk ng Lungsod ang usapin upang madinig sa isang paparating na pulong ng Konseho ng Lungsod at padadalhan sa koreo ang customer ng nakasulat na abiso ng oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pulong. Ang desisyon ng Konseho ng Lungsod ay pinal.

6. **Mga Pagpapalawig at Iba pang Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad.**

6.1 Panahon upang Humiling ng Pagpapalawig o Iba pang Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad. Kung hindi mabayaran ng customer ang isang bayarin sa panahon ng karaniwang pagbabayad, maaaring humiling ang customer ng pagpapalawig o ibang alternatibong kasunduan sa pagbabayad na inilarawan dito sa Seksyon 6. Kung isinumite ng customer ang kanyang kahilingan sa loob ng labintatlong (13) araw matapos maipadala sa koreo ang nakasulat na abiso ng paghinto ng serbisyo ng Lungsod, susuriin ang kahilingan ng isang tagapamahala ng Lungsod. Ang mga desisyon ng Lungsod tungkol sa mga pagpapalawig at iba pang alternatibong kasunduan sa pagbabayad ay pinal at hindi sasailalim sa apela sa Konseho ng Lungsod.

6.2 Pagpapalawig. Kung inaprubahan ng Lungsod, maaaring pansamantalang palawigin ang pagbabayad ng customer ng kanyang hindi bayad na balanse sa panahon na hindi lalampas sa tatlong (3) buwan matapos ang orihinal na taning ng balanse. Magpapasya ang Direktor ng Pananalapi ng Lungsod, sa kanyang mabuting pagpapasya, kung gaano katagal ang ibibigay na pagpapalawig sa customer. Babayaran ng customer ang buong hindi bayad na balanse sa petsang itinakda ng Lungsod at dapat manatiling bayad sa lahat ng pagsingil sa serbisyo sa tubig na nadaragdag sa panahon ng alinmang kasunod na panahon ng pagsingil. Itatakda ang pinalawig na petsa ng pagbabayad sa pagsulat at ibibigay sa customer.

6.3 Paghuhulog. Kung inaprubahan ng Lungsod, maaaring hulugan ng customer ang pagbabayad ng kanyang hindi bayad na balanse sa panahon na hindi lalampas sa anim (6) na buwan, ayon sa ipinasya ng Direktor ng Pananalapi ng Lungsod sa kanyang mabuting pagpapasya. Kung inaprubahan ang paghuhulog, hahatiin ang hindi bayad na balanse sa bilang ng mga buwan sa panahon ng paghuhulog, at ang naturang halaga ay idaragdag sa buwanang bayarin ng customer para sa serbisyo sa tubig hanggang ganap na mabayaran. Sa panahon ng paghuhulog, dapat manatiling bayad ang customer sa lahat ng bayarin sa serbisyo sa tubig na nadaragdag sa alinmang kasunod na panahon ng pagsingil. Itatakda ang iskedyul ng paghuhulog at ang mga halagang dapat bayaran sa pagsulat at ibibigay sa customer.

6.4 Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Kung inaprubahan ng Lungsod, maaaring bayaran ng customer ang kanyang hindi bayad na balanse alinsunod sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na hindi lalampas sa anim (6) na buwan, ayon sa ipinasya ng Direktor ng Pananalapi ng Lungsod sa kanyang mabuting pagpapasya. Kung inaprubahan, maaaring hayaan ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad ang panapahong mga buong pagbabayad na hindi matataon sa petsa ng pagbabayad na itinakda ng Lungsod o maaaring maglaan sa mga pagbabayad na ginawa nang mas madalas o hindi madalas kaysa sa regular na petsa ng pagbabayad ng Lungsod. Sa panahon ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, dapat manatiling bayad ang customer sa lahat ng bayarin sa serbisyo sa tubig na nadaragdag sa alinmang kasunod na panahon ng pagsingil. Itatakda ang iskedyul ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad at ang mga halagang dapat bayaran sa pagsulat at ibibigay sa customer.

6.5 Kabiguang Sumunod. Maaaring ihinto ng Lungsod ang serbisyo sa tubig kung ang customer na pinagkalooban ng kasunduan sa pagbabayad sa ilalim nitong Seksyon 6 ay mabigong sumunod sa kasunduan ng pagbabayad at ang orihinal na bayarin na sumasailalim sa kasunduan ng pagbabayad ay hindi bababa sa animnapung (60) araw na delingkuwente. Magpapaskil ang Lungsod ng pinal na abiso ng hangarin na putulin ang serbisyo sa isang tanyag at kitang-kitang lokasyon sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ihinto ang serbisyo. Hindi bibigyang-karapatan ng pinal na abiso ang customer sa alinmang imbestigasyon o pagsusuri ng Lungsod.

7. Mga Partikular na Programa para sa mga Customer na Mababa ang Kita.

7.1 Mga Limit sa Bayad sa Muling Pagkonekta. Para sa mga customer na panresidensyal na nagpapakita sa Lungsod ng kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng kahirapan ng pederal, lilimitahan ng Lungsod ang anumang bayad sa muling pagkonekta sa panahon ng karaniwang oras ng operasyon sa limampung dolyar (\$50), at sa panahon ng mga oras na walang operasyon sa isang daan at limampung dolyar (\$150). Naaangkop lamang ang mga limit kung ang mga bayad sa muling pagkonekta ng Lungsod ay aktuwal na lumampas sa mga halagang ito. Sumasailalim ang mga limit na ito sa isang taunang pag-adjust para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index ng Bureau of Labor Statistics para sa Lahat ng Urban Consumer (CPI-U) simula sa Enero 1, 2021.

7.2 Mga Kuwalipikasyon. Ituturing ng Lungsod ang isang customer na panresidensyal na mayroong kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng kahirapan ng pederal kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programang Karagdagang Kita na Panseguridad/Karagdagang Pagbabayad ng Estado, o Espesyal na Programang Karagdagang Nutrisyon ng California para sa mga Kababaihan, Sanggol, at Bata, o (b) nagdeklara ang customer sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng kahirapan ng pederal.

8. Mga Pamamaraan para sa mga Nakatira o Nangungupahan upang Maging mga Customer ng Lungsod.

8.1 Pagsang-ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon ng Serbisyo ng Lungsod. Gagawin ng Lungsod na magagamit ang serbisyo sa mga aktuwal na nakatira kung sasang-ayon ang bawat nakatira sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at natutugunan ang mga iniaatas ng mga tuntunin at regulasyon ng Lungsod. Gayunman, kung ang isa o higit pa sa mga nakatira ay handa at kayang gampanan ang responsibilidad para sa mga kasunod na singil sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o kung may pisikal na paraan, na legal na magagamit ng Lungsod, ng mapamiling paghinto ng serbisyo sa mga nakatira na hindi nakatugon sa mga iniaatas ng mga tuntunin at regulasyon ng Lungsod, gagawin ng Lungsod na magagamit ang serbisyo sa mga nakatira na nakatugon sa mga iniaatas na iyon.

8.2 Pagpapatunay ng Pangungupahan. Sa kaso ng nakahiwalay na tirahan ng iisang pamilya, upang iurong ang halagang dapat bayaran sa delingkuwenteng account, ang nakatira na naging isang customer ay dapat patunayan na ang delingkuwenteng account ng customer na nakatala ay ang kasero, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Maaaring kabilang sa pagpapatunay, ngunit hindi limitado sa, isang kasunduan sa pagpapauya, mga resibo ng pag-upa, isang dokumento ng gobyerno na nagsasaad na ang nakatira ay umuupa sa ari-arian, o impormasyong isiniwalat alinsunod sa Seksyon 1962 ng Kodigo Sibil, sa mabuting pagpapasya ng Lungsod.

8.3 Mga Paraan ng Pagtatatag ng Kredito. Kung ang dating serbisyo para sa isang panahon ay isang kondisyon para sa pagtatatag ng kredito sa Lungsod, ang paninirahan at katibayan ng pagbabayad ng upa para sa naturang panahon ay isang kasiya-siyang katumbas.

8.4 Mga Kabawasan mula sa Pagbabayad ng Upa. Alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno Seksyon 60371(d), sinumang nakatira na naging isang customer ng Lungsod alinsunod dito sa Seksyon 8 at na ang mga pana-panahong pagbabayad, tulad ng mga pagbabayad ng upa, ay kabilang ang mga singil para sa serbisyo sa tubig na panresidensyal, kung saan ang mga singil na iyon ay hindi nakasaad nang hiwalay, ay maaaring bumawas mula sa pana-panahong bayad sa bawat panahon ng pagbabayad ng lahat ng makatwirang singil na binayaran sa Lungsod para sa mga serbisyong iyon sa panahon ng sinusundang panahon ng pagbabayad.

9. **Serbisyo ng Abiso ng Third Party para sa mga Matatanda at Dependent na nasa Hustong Gulang.** Gagawin ng Lungsod na magagamit, sa mga customer na panresidensyal na 65 taong gulang o mas matanda, o na mga dependent na nasa hustong gulang (ayon sa tinukoy sa Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon Seksyon 15610(b)(1)), ang abiso sa serbisyo ng isang third-party na kung saan tatangkain ng Lungsod na abisuhan ang taong itinalaga ng customer na makatanggap ng abiso kapag ang account ng customer ay lampas na sa taning at sasailalim sa pagtatapos. Isasama sa abiso ang impormasyon kung ano ang kailangan upang maiwasan ang pagtatapos ng serbisyo. Ipadadala sa koreo ng Lungsod ang abiso sa nakatalagang third party nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagtatapos ng serbisyo. Upang sumali,

dapat magsumite ang customer ng kahilingan para sa abiso ng third-party sa isang form na ibinigay ng Lungsod, at dapat kasama ang nakasulat na pahintulot ng nakatalagang third party. Hindi inoobliga ng serbisyong abiso ang third party na bayaran ang anumang singil na lampas na sa taning, ni hindi nito pipigilin o aantalain ang pagtatapos ng serbisyo.

10. **Wika para sa Ilang Nakasulat na Abiso.** Lahat ng nakasulat na abiso sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 6.6 ng Patakarang ito ay ipagkakaloob sa Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Korean, at anumang iba pang wika na sinasalita ng sampung porsiyento (10%) o higit pang tao sa loob ng lugar na sineserbisyuhan ng Lungsod.

11. **Iba pang Remedyo.** Bilang karagdagan sa paghinto ng serbisyo sa tubig, maaaring sikapin ng Lungsod ang anumang iba pang remedyo na mayroon sa batas o pagkamakatarungan para sa hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyo sa tubig, kabilang, ngunit hindi limitado sa: pagsiguro sa mga delinkuwenteng halaga sa pamamagitan ng pag-file ng mga prenda sa mga pag-aari, pag-file ng claim o demanda, o pag-refer ng hindi bayad na halaga sa mga koleksyon. Sa kaganapan na ipinasya ang isang demanda na pabor sa Lungsod, magkakaroon ng karapatan ang Lungsod sa pagbabayad ng lahat ng halaga at gastusin, kasama ang mga bayad sa abogado at mga naipong interes.

12. **Paghinto ng Serbisyo sa Tubig para sa Iba pang Paglabag ng Customer.** Inilalaan ng Lungsod ang karapatan na ihinto ang serbisyo sa tubig para sa anumang paglabag sa mga ordinansa, tuntunin, o regulasyon ng Lungsod bukod sa hindi pagbabayad.

13. **Mga Desisyon ng Kawani ng Lungsod.** Anumang desisyon na maaaring gawin ng Direktor ng Pananalapi ng Lungsod sa ilalim ng Patakarang ito ay maaaring gawin ng kanyang itinalaga.